

## Plain Language Summary [Buod ng Wika Lamang]

### Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Houston Methodist

Nangangako ang Houston Methodist sa paglaan ng pangangalagang pagkalinga sa mga tao na walang paseguro, kulang sa paseguro, di-kwalipikado para sa isang programang gobyerno, o sa di-makabayad para sa pangangailangang emergency at medikal na pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na sitwasyong pinansyal.

Ang mga pasyente na ang kita ng pamilya ay nasa o mas mababa sa 200% ng Federal Poverty Level (FPL) ay kwalipikadong makatanggap ng walang bayad na serbisyo; at ang mga pasyente na ang kita ng pamilya ay lampas sa 200% ngunit hindi hihigit sa 500% ng FPL ay kwalipikadong makatanggap ng serbisyo sa halagang may diskwento. Ang diskwentong ito ay hindi hihigit sa katamtamang halaga na matatanggap ng Houston Methodist bilang kabayaran ng pribadong paseguro, at Medicare, kabilang ang anumang kabayaran ng pasyente sa anyo ng mga deductible, co-payment, at co-insurance. Ang mga pasyente na ang kita ay higit sa 500% ng FPL ay maaaring kwalipikado para sa mga serbisyong may diskwento.

Hihilingin sa inyo na magsagawa ng paunang bayad o kasunduan sa pagbayad para sa emergency at medikal na pangangailangan bago maisagawa ang mga serbisyo. Subalit, kung hiniling sa inyo na magbayad ng halagang may diskwento, at hindi ninyo mababayaran nang buo ang diskwento ng halaga matapos nailaan ang mga serbisyo, susubukan ng Houston Methodist na kolektahin ang halagang ito na may diskwento. Maglalaan ang Houston Methodist ng buwanang pahayag sa singil na humihiling sa inyong bayaran. Kung hindi ninyo mababayaran ang halagang may diskwento sa isang bayaran, mag-aalok ang Houston Methodist ng pinahabang walang interes na opsyon sa pagbayad. Ang anumang nananatiling di-bayad na halagang may diskwento ay ipapasa sa isang pangatlong-partidong ahensya sa koleksyon para sa mga karagdagang pagsubok na pagkolekta. Hindi kabilang sa mga gawain ng pangatlong-partidong ahensya sa pagkolekta ang mga personal na lien, aksyong legal o pag-abiso sa credit bureau.

Isang walang bayad na kopya ng Patakaran sa Financial Assistance [Tulong Pinansyal] ng Houston Methodist, ang Financial Assistance Application at Patakaran sa Koleksyon ay makukuha sa website ng Houston Methodist sa [www.houstonmethodist.org/billing](http://www.houstonmethodist.org/billing), ay makukuha sa lugar ng Admitting at Registrasyon ng Ospital, maaaring makuha gamit ang pakikipag-ugnayan sa Centralized Business Office sa (local) 832-667-5900, (toll free) 877-493-3228, at maaaring hilingin gamit ang koreo:

Houston Methodist  
Centralized Business Office  
Attn: Financial Assistance Unit  
701 S. Fry Road  
Katy, TX 77450

Ang Plain Language Summary, Financial Assistance Policy, Financial Assistance Application and Collection Policy ay makukuha sa iba't ibang wika sa mga kontak na nakalista sa ibaba.

Ang Financial Assistance Unit ng Houston Methodist ay naroon upang tumugon sa mga katanungan at maglaan ng impormasyon tungkol sa Financial Assistance Policy at tumulong sa inyo sa proseso ng aplikasyon. Maaari kayong makipag-ugnayan sa miyembro ng Financial Assistance Unit mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng mga oras na 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. at Sabado sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. – 12:00 p.m. sa 877-493-3228.

Matapos ninyong makumpleto ang Financial Assistance Application, mangyaring ilakip ang lahat ng mga kailangan na suportang dokumento at ipadala sa koreo sa Financial Assistance Unit, tingnan ang kinaroroonan na nakalista sa itaas, o i-fax sa tanggapan ng Financial Assistance Unit sa 832-667-5995.